Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Iskafolding Teknik sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay

Rolan N. Leyma [1]
1 – Sta. Teresita National High School
rolan.leyma@deped.gov.ph / 0009-0005-5443-9558

Publication Date: May 22, 2026 DOI: **10.5281/zenodo.20337630**

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay sa pamamagitan ng paggamit ng iskafolding teknik bilang batayan sa pagbuo ng Sistematized Writing Guide. Sinuri nito ang antas ng kasanayan sa nilalaman, organisasyon, at gamit ng wika, pati na ang pag-unawa, karanasan, at mga hamon ng mga mag-aaral sa paggamit ng nasabing teknik.

Gumamit ang mananaliksik ng kwantitatibong disenyo at nagsagawa ng sarbey sa tatlumpung (30) mag-aaral ng Baitang 11 HUMSS mula sa Mataas na Paaralang Pambansa ng Sta. Teresita, taong panuruan 2025–2026.

Lumabas sa resulta na mataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa tatlong aspekto ng pagsulat. Sa nilalaman, mahusay silang maglahad at magsuri ng ideya, ngunit kailangan pang linangin ang pagpapahayag ng sariling pananaw. Sa organisasyon, maayos at lohikal ang daloy ng ideya ngunit dapat pang paghusayin ang paggamit ng mga salitang nag-uugnay. Sa gamit ng wika, epektibo at malikhain ang pagpapahayag, ngunit kinakailangan pa ng pagsasanay sa bokabularyo, ispeling, at bantas.

Napatunayan ding may mataas na pag-unawa ang mga mag-aaral sa iskafolding teknik. Nakatulong ito upang maging malinaw, organisado, at sistematiko ang kanilang pagsulat, at nagdulot ng pagtaas ng interes, motibasyon, at kumpiyansa sa sarili. Gayunpaman, may mga hamon tulad ng kakulangan sa oras, hirap sa pagsunod sa hakbang, at pangangailangan ng tuloy-tuloy na gabay ng guro.

Bunga nito, nabuo ang Sistematized Writing Guide na naglalayong higit pang paunlarin ang kasanayan sa pagsulat. Inirerekomenda ang mas pinaigting na paggamit ng iskafolding, sapat na oras sa pagsasanay, at malinaw na panuto upang mapahusay ang akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

**Mga Susing Salita:** *iskafolding, sistematikong gabay sa pagsulat, sanaysay, kasanayan sa pagsulat, akademikong pagsulat*

## Introduksyon at Paglalahad ng Suliranin

Isang pangunahing kasanayan na kailangang malinang sa mga mag-aaral ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa anumang antas ng edukasyon. Nagbibigay-daan ito sa mas malalim na pag-unawa, mas epektibong komunikasyon, at mas mataas na lebel ng kritikal na pag-iisip. Naipahahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga karanasan, saloobin, pananaw, at reaksyon sa iba't ibang isyung panlipunan sa pamamagitan ng sanaysay. Subalit sa kabila ng kahalagahang ito, lumalabas sa mga pag-aaral at iba pang katulad na mga datos na marami sa mga mag-aaral sa Pilipinas, higit na sa mga pampublikong paaralan, ang nakapagtala ng mababang lebel ng kasanayan sa pagsulat.

Sa ulat ng *Southeast Asia Primary Learning Metrics* (SEA-PLM, 2019), 45% sa mga mag-aaral na nasa ikalimang baitang sa bansa ay nasa pinakamababang lebel ng kakayahan sa pagsulat. Indikasyon lamang ito na limitado ang kanilang kakayahan na maglahad ng mga ideya sa pagsulat, na mas mababa kumpara sa mga bansang tulad ng Vietnam at Malaysia (Balinbin, 2020). Patunay lamang ito ng sistematikong suliranin ng pagtuturo ng pagsulat sa mga paaralan, kung saan hindi nakatutugon nang mahusay ang kasalukuyang mga estratehiya at gabay na ginagamit ng mga guro para maiangat ang kasanayan ng mga mag-aaral.

Ayon pa sa pag-aaral nina Graham (2018), Graham, Skar et al. (2021), at Graham, Tavsanli et al. (2021), maging sa mga bansang may mas mataas na sistema ng edukasyon, hindi pa ring ganap na naisasakatuparan ang masinop at sistematikong pagtuturo ng pagsulat. Marami sa mga guro ang hindi pa handa o walang sapat na kagamitan upang isulong nang epektibo ang kasanayan sa pagsulat. Kaugnay nito, lumitaw sa pananaliksik nina Gamboa (2018), Barlaan at Javier (2021), at Purcell et al. (2013) mas nagiging lantad ang paggamit ng Taglish, *millennial terms*, at iba pang balbal na anyo ng wika sanhi ng teknolohiya na nakaapekto sa kagandahan ng akademikong pagsulat sa anyo, nilalaman, at estruktura ng mga sulatin ng mga mag-aaral.

Sa kabila ng mga hamong ito, layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay batay sa nilalaman, organisasyon, at gamit ng wika. Mahalaga ring matukoy ang antas ng pag-unawa nga mga mag-aaral sa paggamit ng systematized writing guide para sa pagsulat ng sanaysay maging ang ambag nito sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, ganundin ang mga naging balakid sa mga mag-aaral tungkol sa paggamit ng iskafolding sa pagbuo ng systematized writing guide na magiging batayan sa modelong maaaring mabuo para sa mas epektibong pagsulat ng sanaysay.

Inaasahang mapalalalim ang proseso ng pagsulat ng mga mag-aaral mula sa pagpaplano, pagsasaayos ng ideya, paglinang ng nilalaman, hanggang sa pagbibigay-pansin sa tamang gramatika, baybay, at bantas sa pamamagitan ng modelong ito. Makatutulong din ito para sa tiyak na pamantayan ng pagtataya na magagamit ng mga guro upang mas maayos at makatarungan ang kanilang pagsusuri sa mga gawaing pasulat.

Inaasahan ng pag-aaral na ito na makapag-aambag sa layunin ng edukasyon na patuloy na malinang ang mga mag-aaral bilang malikhain, mapanuri, at mabisang tagapagsalita at

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

manunulat, mga kakayahang hindi lamang mahalaga sa akademiko, maging sa kanilang papel bilang mamamayan sa isang demokratikong lipunan.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay gamit ang Iskafolding Teknik sa pagbuo ng *systematized writing guide* at masagutan ang mga ispesipikong katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay ayon sa:
   1.1. nilalaman;
   1.2. organisasyon; at
   1.3. gamit ng wika?
2. Ano ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa paggamit iskafolding teknik sa pagsulat ng sanaysay?
3. Paano nakatulong ang iskafolding teknik sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa;
   3.1. lebel ng interes sa pagsulat;
   3.2. lawak ng karanasan sa pagkilala sa pagsulat ng sanaysay;
   3.3. kakayahan sa paglinang at pagbuo ng sariling sanaysay?
4. Ano ang mga naging balakid sa mga mag-aaral tungkol sa pagamit ng iskafolding teknik upang mapabuti ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay?
5. Ano ang mga gawain ang maaaring mabuo?

# Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ng mananaliksik ang kwantitatibong disenyo ng pananaliksik, upang masuri ang epekto ng paggamit ng iskafolding sa pagbuo ng *Sistematized Writing Guide* bilang Iskafolding Teknik para sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral. Layunin ng disenyong ito na masagot hindi lamang ang mga tanong tungkol sa antas ng kanilang kasanayan sa pagsulat, kundi pati ang kanilang karanasan at pananaw sa paggamit ng nasabing interbensyon.

### Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng tatlumpung (30) mag-aaral mula sa Baitang 11, partikular sa istrand na HUMSS ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Sta. Teresita para sa taong panuruan 2025-2026. Ang mga mag-aaral ay pinili gamit ang random sampling, isang paraan ng pagpili ng mga kalahok nang walang anumang pagkiling. Sa ganitong paraan,

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

bawat mag-aaral mula sa target na populasyon ay may pantay-pantay na pagkakataon na mapabilang sa pag-aaral.

**Mga Instrumento ng Pananaliksik**

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan (survey questionnaire) at Focus Group Discussion (FGD) bilang pangunahing mga instrumento sa pagkalap ng datos. Ang talatanungan ay nahati sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay naglalayong alamin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay, partikular sa tatlong aspeto: nilalaman, organisasyon, at gamit ng wika. Binubuo ito ng mga tanong na tumutukoy sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag ng mga ideya, pagbuo nang maayos na istruktura ng sanaysay, at paggamit ng tamang wika. Ang ikalawang bahagi ng talatanungan ay tumatalakay sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa *systematized writing guide* na ginamitan ng iskafolding. Dito, tinalakay ang epekto ng *guide* sa pagpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsulat, maging ang mga positibong aspeto at hamon na kanilang naranasan sa paggamit ng estratehiyang ito.

Bilang pansuporta sa impormasyong makakalap mula sa talatanungan, isinagawa rin ang isang *Focus Group Discussion* (FGD). Ang FGD ay nilahukan ng mga piling kalahok mula sa parehong pangkat ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng FGD, nakalap ang mas malalim na pananaw, karanasan, at suhestiyon ng mga mag-aaral hinggil sa kanilang proseso ng pagsulat gamit ang *systematized writing guide*. Pinili ang pamamaraang ito upang mas mapalawak at mapalalim ang pag-unawa sa mga datos mula sa talatanungan at matukoy ang mga aspeto na maaaring mapabuti o mapalakas sa guide.

## Paraan ng Pangangalap ng Datos

Sa proseso ng pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa pamunuan ng paaralan at nagsagawa ng orientation sa mga kalahok. Ipinamahagi ang talatanungan matapos ang interbensyon at isinagawa ang panayam upang mapalalim ang pagsusuri. Sinigurado rin ang pagsunod sa Data Privacy Act upang mapanatili ang kumpidensyalidad ng mga kalahok.

## Plano ng Pagtatasa ng Datos

Para sa pagsusuri ng datos, ginamit ang weighted mean, frequency, percentage, at ranking upang masukat ang antas ng bisa ng interaktibong pamamaraan. Gumamit ng payak na estadistikang pamamaraan upang mapadali ang interpretasyon ng resulta.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

## RESULTA NG PAG-AARAL

### 1. Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay

#### 1.1 Nilalaman

Talahanayan 1
Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Nilalaman

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Naipahahayag nang malinaw ang pangunahing ideya ng sanaysay. | 3.53 | LS | 2.5 |
| 2. Naipakikita ang sariling pananaw sa bawat paksa. | 3.4 | LS | 5 |
| 3. Nakapagbibigay nang sapat na detalye upang suportahan ang ideya. | 3.53 | LS | 2.5 |
| 4. Nasusuri ang impormasyon upang maging kapani-paniwala ang sanaysay. | 3.6 | LS | 1 |
| 5. Naipahahayag ang mensahe nang may kabuluhan at lalim. | 3.53 | LS | 2.5 |
| **Average Weighted Mean** | 3.52 | LS | |

**Leyenda: LS**- Lubos na Sumasang-ayon **S-** Sumasang-ayon
**BS-** Bahagyang Sumasang-ayon **HS-** Hindi Sumasang-ayon

Ipinapakita sa Talahanayan 1 na nasa antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa nilalaman na nasusuri ang impormasyon upang maging kapani-paniwala ang sanaysay na may weighted mean na 3.6 at may interpretasyong berbal na lubos na sumasang-ayon.

Sa kabuuan, makikita na matatag ang kakayahan ng mga mag-aaral sa nilalaman ng sanaysay, lalo na sa pagsusuri at pagbuo ng ideya, ngunit maaaring paigtingin pa ang aspekto ng personal na pananaw upang higit na maging makabuluhan at natatangi ang kanilang mga akda

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**1.2 Organisasyon**

Talahanayan 2
Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Organisasyon

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Naisasaayos ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa bawat talata. | 3.46 | L | 1.5 |
| 2. Naisusulat ang sanaysay na may malinaw na simula, gitna, at wakas. | 3.4 | LS | 4 |
| 3. Nagagamit nang wasto ang mga salitang nag-uugnay ng ideya. | 3.3 | LS | 5 |
| 4. Nauunawaan ng mambabasa ang daloy ng sulatin. | 3.46 | LS | 1.5 |
| 5. Naipapakita ang lohikal na pagbuo ng argumento sa sanaysay. | 3.46 | LS | 1.5 |
| **Average Weighted Mean** | 3.42 | LS | |

**Leyenda: LS**- Lubos na Sumasang-ayon **S-** Sumasang-ayon
**BS-** Bahagyang Sumasang-ayon **HS-** Hindi Sumasang-ayon

Ipinamalas sa Talahanayan 2 na sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa organisasyon na naisasaayos ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa bawat talata, nauunawaan ng mambabasa ang daloy ng sulatin, at naipapakita ang lohikal na pagbuo ng argumento sa sanaysay na may average weighted mean na 3.46 na may interpretasyong berbal na lubos na sumasang-ayon.

**1.3 Gamit ng Wika**

Talahanayan 3
Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay Batay sa Gamit ng Wika

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Naipahahayag ang ideya gamit ang tamang balarila. | 3.53 | LS | 3 |
| 2. Nagagamit ang angkop na bokabularyo sa bawat paksa. | 3.33 | LS | 4 |
| 3. Naiiwasan ang mga pagkakamali sa ispeling at bantas. | 3.26 | LS | 5 |
| 4. Naisasaayos ang wika upang maging malinaw at epektibo ang mensahe. | 3.56 | LS | 2 |
| 5. Naipakikita ang paggamit ng malikhaing paraan sa pagpapahayag. | 3.73 | LS | 1 |
| **Average Weighted Mean** | 3.48 | LS | |

**Leyenda: LS**- Lubos na Sumasang-ayon **S-** Sumasang-ayon
**BS-** Bahagyang Sumasang-ayon **HS-** Hindi Sumasang-ayon

Ipinababatid ng Talahanayan 3 na sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa gamit ng wika na naipakikita ang paggamit ng malikhaing paraan sa pagpapahayag na may weighted mean na 3.73 at may interpretasyong berbal na lubos na sumasang-ayon

**2. Antas ng Pag-unawa sa Paggamit ng Iskafolding Teknik**

Talahanayan 4
Antas ng Pag-unawa sa Paggamit ng Iskafolding Teknik

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nauunawaan ang bawat hakbang ng iskafolding teknik. | 3.33 | LS | 4 |
| 2. Natutulungan ng Iskafolding Teknik na maayos ang daloy ng sanaysay. | 3.26 | LS | 5 |
| 3. Nagiging malinaw kung paano isulat ang bawat bahagi ng sanaysay. | 3.53 | LS | 2 |
| 4. Napadadali ang pagsulat kapag may sinusundang gabay. | 3.63 | LS | 1 |
| 5. Nakabubuo ng tiwala sa sarili kapag gumagamit ng iskafolding teknik. | 3.36 | LS | 3 |
| **Average Weighted Mean** | 3.42 | LS | |

**Leyenda: LS**- Lubos na Sumasang-ayon **S-** Sumasang-ayon
**BS-** Bahagyang Sumasang-ayon **HS-** Hindi Sumasang-ayon

Isinasaad ng Talahanayan 4 na sa antas ng pag-unawa sa paggamit ng Iskafolding Teknik na napadadali ang pagsulat kapag may sinusundang gabay na may weighted mean na 3.63 na may interpretasyong berbal na lubos na sumasang-ayon.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

## 3. Epekto ng Iskafolding Teknik sa Pagpapabuti ng Kasanayan

### 3.1 Lebel ng Interes sa Pagsulat

Talahanayan 5
Tulong ng Iskafolding Teknik sa Pagpapabuti ng Kasanayan sa Lebel ng Interes sa Pagsulat

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nagiging masigla sa pagsulat ng sanaysay kapag may gabay. | 3.7 | LS | 2 |
| 2. Natututuhang makilahok sa mga gawain sa pagsulat. | 3.5 | LS | 5 |
| 3. Nagiging motibasyon ang bawat hakbang ng iskafolding. | 3.53 | LS | 3.5 |
| 4. Nakabubuo ng ideya nang may kasiyahan. | 3.54 | LS | 3.5 |
| 5. Napalalawak ang kaalaman sa pamamagitan ng pagsulat. | 3.76 | LS | 1 |
| **Average Weighted Mean** | 3.6 | LS | |

**Leyenda: LS**- Lubos na Sumasang-ayon **S-** Sumasang-ayon
**BS-** Bahagyang Sumasang-ayon **HS-** Hindi Sumasang-ayon

Ipinakikita sa Talahanayan 5 na sa tulong ng Iskafolding Teknik sa pagpapabuti ng kasanayan sa lebel ng interes sa pagsulat na napalalawak ang kaalaman sa pamamagitan ng pagsulat na may weighted mean na 3.76 at interpretasyong berbal na lubos na sumasang-ayon.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

### 3.2 Lawak ng Karanasan sa Pagkilala sa Pagsulat ng Sanaysay

Talahanayan 6
Tulong ng Iskafolding Teknik sa Pagpapabuti ng Kasanayan sa Lawak ng Karanasan sa Pagkilala sa Pagsulat ng Sanaysay

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nauunawaan ang mga bahagi ng sanaysay. | 3.50 | LS | 2 |
| 2. Nagiging malinaw ang layunin ng bawat bahagi ng sulatin. | 3.33 | LS | 5 |
| 3. Napadadaling natutukoy ang mahahalagang ideya. | 3.53 | LS | 1 |
| 4. Nakikilala ang iba't ibang estilo ng pagsulat. | 3.4 | LS | 4 |
| 5. Nagagamit ang mga teknik na natutuhan sa paggawa ng sanaysay. | 3.44 | LS | 3 |
| **Average Weighted Mean** | 3.44 | LS | |

**Leyenda: LS**- Lubos na Sumasang-ayon **S-** Sumasang-ayon
**BS-** Bahagyang Sumasang-ayon **HS-** Hindi Sumasang-ayon

Ipinamamalas sa Talahanayan 6 na sa tulong ng Iskafolding Teknik sa pagpapabuti ng kasanayan sa lawak ng karanasan sa pagkilala sa pagsulat ng sanaysay na napadadaling natutukoy ang mahahalagang ideya na may weighted mean na 3.53 na may interpretasyong berbal na lubos na sumasang-ayon.

### 3.3 Kakayahan sa Paglinang at Pagbuo ng Sariling Sanaysay

Talahanayan 7
Epekto ng Iskafolding Teknik sa Pagpapabuti ng Kasanayan sa Kakayahan sa Paglinang at Pagbuo ng Sariling Sanaysay

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nakabubuo nang maayos na balangkas bago magsulat. | 3.46 | LS | 1.5 |
| 2. Nakakasulat ng sanaysay nang hindi gaanong nahihirapan. | 3.13 | LS | 5 |
| 3. Nakagagawa ng sanaysay na may malinaw na mensahe. | 3.46 | LS | 1.5 |
| 4. Naipahahayag ang sariling pananaw nang organisado. | 3.46 | LS | 1.5 |
| 5. Nakalilikha ng sanaysay na may lalim at saysay. | 3.26 | LS | 4 |
| **Average Weighted Mean** | 3.35 | LS | |

**Leyenda: LS**- Lubos na Sumasang-ayon **S-** Sumasang-ayon
**BS-** Bahagyang Sumasang-ayon **HS-** Hindi Sumasang-ayon

Ipinababatid sa Talahanayan 7 na sa tulong ng Iskafolding Teknik sa pagpapabuti ng kasanayan sa kakayahan sa paglinang at pagbuo ng sariling sanaysay na nakabubuo nang maayos na balangkas bago magsulat, nakagagawa ng sanaysay na may malinaw na mensahe, at naipahahayag ang sariling pananaw nang organisado na may weighted mean na 3.46 at may interpretasyong berbal na lubos na sumasang-ayon.

Sa kabuoan, ipinakikita ng resulta na ang iskafolding teknik ay may malaking ambag sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng sariling sanaysay. Sa pamamagitan ng gabay na ito, natututo silang magsimula sa maayos na balangkas, maipahayag ang kanilang pananaw, at makabuo ng sanaysay na may malinaw na mensahe, bagaman may espasyo pa para sa pagpapalalim ng nilalaman at pagpapatatag ng tiwala sa sarili sa aktuwal na pagsulat.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**4. Balakid sa mga mag-aaral tungkol sa pagamit ng iskafolding Teknik**

Talahanayan 8
Balakid sa mga Mag-aaral Tungkol sa Paggamit ng Iskafolding Teknik

| Pahayag | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal | Ranggo |
|---|---|---|---|
| 1. Nahihirapang sundin ang bawat hakbang ng iskafolding. | 2.8 | S | 4 |
| 2. Kakulangan sa oras ang isa sa mga dahilan kung bakit mahirap isagawa ang Teknik. | 3 | S | 3 |
| 3. Hindi malinaw ang mga panuto o halimbawa sa bawat bahagi ng sanaysay. | 2.83 | S | 5 |
| 4. Nahihirapang mag-isa kapag wala ang gabay ng guro. | 3.23 | S | 1 |
| 5. Nagiging hamon ang pagsunod sa bawat hakbang ng iskafolding. | 3.1 | S | 2 |
| **Average Weighted Mean** | 2.92 | S | |

**Leyenda: LS**- Lubos na Sumasang-ayon **S-** Sumasang-ayon
**BS-** Bahagyang Sumasang-ayon **HS-** Hindi Sumasang-ayon

Ipinapakita sa Talahanayan 8 na balakid sa mga mag-aaral tungkol sa paggamit ng Iskafolding Teknik na nahihirapang mag-isa kapag wala ang gabay ng guro na may weighted mean na 3.23 at may interpretasyong berbal na sumasang-ayon.

## Lagom ng Kinalabasan, Konklusyon at Rekomendasyon

Narito ang mga pangunahing natuklasan sa pag-aaral, kasama ang mga konklusyong nabuo batay sa mga layunin at resulta ng pananaliksik. Ipinapahayag din dito ang mga rekomendasyong makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng epektibong paggamit ng iskafolding teknik, gayundin ang mga mungkahing hakbang para sa mga guro at mananaliksik na nagnanais palawakin ang pag-aaral na ito.

1. Ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay sa tatlong aspekto: nilalaman, organisasyon, at gamit ng wika. Sa nilalaman, mahusay silang nakapagpapahayag ng ideya at nakapagsusuri ng impormasyon nang may kabuluhan, bagaman kinakailangan pang linangin ang pagpapakita ng sariling pananaw. Sa organisasyon, maayos ang pagkakasunod ng mga ideya at lohikal ang daloy ng sanaysay, ngunit dapat pang paghusayin ang paggamit ng mga salitang nag-uugnay. Samantala, sa gamit ng wika, epektibo at malikhain ang pagpapahayag ng mga mag-aaral, subalit dapat pang paigtingin ang katumpakan sa bokabularyo, ispeling, at bantas upang higit na mapahusay ang kalidad ng kanilang mga sulatin.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

2. May mataas na antas ng pag-unawa ang mga mag-aaral sa paggamit ng iskafolding teknik sa pagsulat ng sanaysay. Napatunayan na nakatutulong ito upang mapadali ang proseso ng pagsulat at maging mas malinaw ang pagkakabuo ng bawat bahagi ng sanaysay. Ipinakita rin ng mga mag-aaral na mas nagiging sistematiko at maayos ang kanilang gawa kapag may sinusundang gabay, at nakatutulong ito upang magkaroon sila ng tiwala sa sariling kakayahan. Gayunman, bagama't mataas ang antas ng pag-unawa, may ilang mag-aaral na nangangailangan pa ng higit na pagsasanay upang lubos na maunawaan ang bawat hakbang ng iskafolding at ang papel nito sa lohikal na pagkakaugnay ng kanilang sulatin. Sa kabuuan, napatunayang epektibo ang iskafolding teknik bilang estratehiya sa pagpapabuti ng kasanayan sa akademikong pagsulat.

3. Ang iskafolding teknik ay may malaking positibong epekto sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa lebel ng interes sa pagsulat, naging masigla, mas motivated, at mas aktibo ang mga mag-aaral dahil sa gabay na dulot ng iskafolding. Ang sistematikong proseso nito ay nagdulot ng kasiyahan at paglawak ng kaalaman, kaya naging mas bukas sila sa pagkatuto at mas kumpiyansa sa kanilang kakayahan.

Samantala, sa lawak ng karanasan sa pagkilala sa pagsulat ng sanaysay, napatunayan na nakatutulong ang iskafolding sa pagpapalalim ng pag-unawa sa estruktura, ideya, at estilo ng sanaysay. Natutuhan ng mga mag-aaral na kilalanin ang mahahalagang ideya, gamitin ang mga natutunang teknik, at magpahayag nang malinaw ayon sa layunin ng bawat bahagi ng sulatin. Gayunman, kinakailangan pang palawakin ang pag-unawa sa iba't ibang estilo at layunin ng pagsulat upang ganap na mahubog ang kanilang kasanayan.

Sa kakayahan sa paglinang at pagbuo ng sariling sanaysay, napatunayang nakatutulong ang iskafolding teknik upang makapagsimula ang mga mag-aaral sa maayos na balangkas, makapagpahayag nang organisado, at makabuo ng sanaysay na may malinaw na mensahe. Bagama't may ilang nahihirapan pa sa aktuwal na pagsulat at sa paglalim ng nilalaman, malinaw na ang iskafolding ay epektibong gabay sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat, tiwala sa sarili, at pagkamalikhain ng mga mag-aaral.

4. Bagama't epektibo ang iskafolding teknik, may ilang balakid pa ring nararanasan ng mga mag-aaral sa paggamit nito. Kabilang dito ang kahirapan sa pagsunod sa bawat hakbang, kakulangan sa oras, at pangangailangan ng tuloy-tuloy na gabay ng guro. Lumitaw na ang pinakamalaking hamon ay ang hirap ng mga mag-aaral na mag-isa kapag wala ang gabay ng guro, na nagpapakita ng patuloy na pangangailangan sa suporta at direksyon habang isinasagawa ang proseso ng iskafolding.

Kasunod nito, nakitaan din ng pagkahirapan sa pagsunod sa sunod-sunod na hakbang at kakulangan ng oras sa pagsasagawa ng teknik, na maaaring makaapekto sa kanilang pagtuon at disiplina sa pagsulat. Samantala, ilan sa mga mag-aaral ang nagsabing hindi malinaw ang ilang panuto o halimbawa, kaya't nagiging sanhi ito ng kalituhan sa pagsasagawa ng bawat bahagi ng sanaysay.

Ipinahihiwatig ng resulta na ang mga balakid ay hindi dahil sa mismong pamamaraan ng iskafolding kundi sa mga panlabas na salik tulad ng oras, kalinawan ng panuto, at kakulangan ng gabay ng guro. Ipinapayo na upang maging mas epektibo ang paggamit ng iskafolding teknik,

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

dapat bigyang-pansin ang mas malinaw na pagtuturo, sapat na oras sa pagsasanay, at patuloy na paggabay ng guro sa bawat yugto ng proseso.

5. Ang mananaliksiik ay humantong sa pagbuo ng isang sistematikong modelo o gabay na naglalayong linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa nilalaman, organisasyon, at paggamit ng wika habang pinatitibay ang kanilang tiwala sa sarili at motibasyon sa pagsusulat ng sanaysay.

**Kongklusyon**

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nakabuo ang mananaliksik ng mga kongklusyon.

1. Napatunayan sa pag-aaral na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay at may interpretasyong berbal na lubos na sumasang-ayon.

2. Lumabas sa pag-aaral na sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa paggamit ng iskafolding teknik sa pagsulat ng sanaysay ay lubos na sumasang-ayon.


3. Ang positibong epekto ng iskafolding teknik ay makikita sa pagtaas ng interes, motibasyon, at kasiyahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Nakatulong din ito sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at sa kakayahan nilang magplano, bumuo, at magpahayag ng ideya sa mas malikhain at makabuluhang paraan.

4. Bagama't mabisa ang iskafolding teknik, napatunayan na may ilang balakid sa implementasyon nito, tulad ng kakulangan sa oras, hindi malinaw na panuto, at pangangailangan ng gabay ng guro. Ang mga hamong ito ay maaaring makaapekto sa tuloy-tuloy na aplikasyon ng teknik kung hindi mabibigyan ng sapat na atensyon.

5. Bunga ng pag-aaral, nakabuo ang mananaliksik ng sistematikong modelo o gabay sa paggamit ng iskafolding teknik na layuning mapaunlad ang nilalaman, organisasyon, at wika sa pagsulat ng sanaysay, habang pinatitibay ang tiwala sa sarili at motibasyon ng mga mag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Modelong Iskafolding sa Epektibong Pagsulat ng Sanaysay (MIEPS)**




Ang Modelong Iskafolding sa Epektibong Pagsulat ng Sanaysay (MIEPS) ay isang sistematikong gabay na naglalayong linangin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa nilalaman, organisasyon, at paggamit ng wika habang pinatitibay ang kanilang tiwala sa sarili at motibasyon sa pagsusulat. Ang modelong ito ay binubuo ng limang magkakaugnay na yugto:

**Yugto ng Paghahanda (Preparation Stage)**

Sa yugtong ito, inilalatag ng guro ang layunin ng pagsulat at inihahanda ang mga mag-aaral sa paksa sa pamamagitan ng *brainstorming*, pagbibigay ng halimbawa, at paglilinaw sa estruktura ng sanaysay. Tinitiyak dito na nauunawaan ng mga mag-aaral ang bawat hakbang ng iskafolding.

**Yugto ng Pagmomodelo (Modeling Stage)**

Ipinapakita ng guro ang kongkretong halimbawa ng isang mahusay na sanaysay. Binibigyang-diin ang pagkakabuo ng nilalaman, lohikal na organisasyon, paggamit ng wika, at malikhaing paraan ng pagpapahayag. Sa bahaging ito, natututo ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagmamasid at pagsusuri ng modelo.

**Yugto ng Gabay na Pagsasanay (Guided Practice Stage)**

Dito, isinasagawa ng mga mag-aaral ang pagsulat ng bawat bahagi ng sanaysay (simula, gitna, wakas) nang may gabay ng guro. Nagbibigay ang guro ng mga tanong, panuto, o balangkas na susundan ng mga mag-aaral upang mahasa sila sa pagbuo ng ideya at lohikal na daloy ng sulatin.

**Yugto ng Malayang Pagsulat (Independent Writing Stage)**

Matapos ang sapat na pagsasanay, isinasagawa ng mga mag-aaral ang pagsusulat nang mag-isa. Sa yugtong ito, naipapamalas nila ang natutunang kasanayan sa pagbuo ng malinaw, makabuluhan, at malikhaing sanaysay. Hinihikayat din ang pagpapahayag ng sariling pananaw at estilo upang mahasa ang orihinalidad ng kanilang akda.

**Yugto ng Repleksyon at Rebisyon (Reflection and Revision Stage)**

Sa huling yugto, sinusuri ng mga mag-aaral ang kanilang sariling gawa at tumatanggap ng puna mula sa guro at kamag-aral. Layunin nitong mapabuti pa ang paggamit ng wika, balangkas, at kabuuang nilalaman ng sanaysay. Dito rin pinapalalim ang pag-unawa sa proseso ng pagsulat bilang tuloy-tuloy na pagkatuto.

**Buod ng Modelo:**

Ang MIEPS ay nakasentro sa tatlong pangunahing sangkap: Gabay ng Guro, Aktibong Mag-aaral, at Sistematikong Hakbang sa Pagsulat. Ipinakikita ng modelo na ang epektibong pagsulat ng sanaysay ay hindi lamang bunga ng talento kundi ng patnubay, disiplina, at patuloy na pagsasanay. Sa tulong ng iskafolding, ang mga mag-aaral ay nagiging mabisang tagapagpahayag ng ideya at malikhain sa pagbuo ng makabuluhang sanaysay.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

**Rekomendasyon**

Batay sa naging kongklusyon, nabuo ang mga rekomendasyon.

1. Maaaring ipagamit sa mga guro ang iskafolding teknik bilang regular na estratehiya sa pagtuturo ng pagsulat upang magkaroon ng malinaw na hakbang at gabay ang mga mag-aaral sa pagbuo ng sanaysay.

2. Iminumungkahi na magkaroon pa ng katulad na pag-aaral para magdagdag ng kaalaman sa pagsulat ng sanaysay.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

## TALASANGGUNIAN

### A. Aklat

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2023). Research design: Qualitative, Quantitative, and Mixed methods approaches (6th ed.). SAGE Publications.

### B. Mga Di Nailathalang Materyales

Aguda R.P., Culiat M.S.D., Dimayuga C.J., at Macatangay K.A. (2022). KASANAYAN SA PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA PAGKATUTO NG MAG-AARAL SA SIKOLOHIYA SA PAMAMAGITAN NG PALIHAN-WORKSYAP.

Behhay, N. N., Immangdul, H. N., Aniceto, F. M., Longgat Jr, C. G., & Ongan, M. G. O. (2024). Kakayahang Panggramatika sa Filipino ng mga Mag-aaral sa Pagsulat ng Sanaysay: Tungo sa Pagbuo ng Sanayang Aklat.

Maliao, L. U. (2020). DEVELOPING ESSAY WRITING SKILLS OF ALS LEARNERS THROUGH PEER TEACHING. *Review*, 220.

Rivera, E. O. (2023). *EXPLICIT INSTRUCTION IN ENHANCING SENIOR HIGH SCHOOL STUDENTS'WRITING ABILITY* (Doctoral dissertation, Cebu Normal University).

Saradat, C. R. L., Palermo, J. A., Condes, A. C. A., Iso, J. M. C., Sta. Ana, P., & Sullera , F. B. (n.d.). Guided and Journal Writing: Komparatibong Pag-aaral sa PAgpapaunlad ng Kasanayan sa Pagsulat

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2023). Research design: Qualitative, Quantitative, and Mixed methods approaches (6th ed.). SAGE Publications.

### C. Dyornal

Barlaan, J. P., & Javier, C. L. (2020). Antas ng Kakayahan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Senior High School Gamit ang Teknolohiya. *The International Journal of Education, Management and Social Sciences*, *3*(1).

Mauricio, M. C., & Genuino, C. F. (2020). Writing Performance and Attitude of ESL Learners Engaged in Smartphone Assisted Collaborative Activity. *LEARN Journal: Language Education and Acquisition Research Network*, *13*(2), 445-468.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

### D. Elektronikong Sanggunian

Ambubuyog, E. M. I., Laumoc, G. L. C., Mantac, F. H. A., Pagulayan, F. M. C., Sayson, C. J. E. C., Velasco, A. C. M., & Biray, E. T. (2023). Active Listening: Its Impact on Language Learning and Understanding of Education Students. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, *4*(2), 671-676. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.02.33

Barlaan, J. P., & Javier, C. L. (n.d.). *Antas Ng Kakayahan Sa Pagsulat Ng Sanaysay Ng Mga Senior High School Gamit Ang Teknolohiya .*

Furnes, B., & Dysvik, E. (2010). A systematic writing program as a tool in the grief process: part 1. *Patient Preference and Adherence*, *4*, 425–431. https://doi.org/10.2147/PPA.S14864

Gibbons, P. (2002). *Scaffolding language, scaffolding learning: Teaching second language learners in the mainstream classroom.* Heinemann.

Kim, Y., & Kim, J. (2021). Scaffolding strategies in teaching argumentative essay writing: Effects on students' organization and reasoning. *Journal of Writing Research, 13*(2), 233–256.

Purcell, K., Buchanan, J., & Friedrich, L (2013). The Impact of Digital Tools on Student Writing is Taught in Schools. National Writing Project.

Retrieved September 20, 2015. From https://www.pewinternet.org./files/oldmedia/files/reports/2013/pip_NWP Writing and Tech.pdf